



Bukas na Pagpapatala sa Medicare

*Medicare: Mas Malakas Ngayon
Ang Bukas na Pagpapatala ay Oktubre 15-Disyembre 7*

Ang Medicare ay mas malakas ngayon sa pagtataglay ng mas maraming benepisyo, mas mahusay na mga pagpipilian, at mas mababang mga gastos ng mga benepisyaryo. Ang pinalawak na mga benepisyo ng Medicare sa ilalim ng batas sa pangangalagang pangkalusugan (ang Batas sa Abot-kayang Pangangalaga) ay patuloy na makukuha – kabilang ang partikular na libreng panghadlang na mga benepisyo, mga pagsusuri para sa kanser at isang taunang pagbisita ng walang-sakit. Pinili man ninyo ang Original Medicare o isang plano sa Medicare Advantage – samantalahin ang Bukas na Pagpapatala upang suriin ang gastos, pagsakop, o pareho para sa susunod na taon (2014).

- **Mas Maraming Benepisyo:** Ang partikular na panghadlang na mga benepisyo – kabilang ang mga pagsusuri para sa kanser – ay makukuha nang walang babayaran ang mga mga pasyente kapag ipinagkakaloob ng kuwalipikado at kalahok na mga propesyonal na pangkalusugan. Ang taunang pagbisita ng walang-sakit ay nagpapahintulot sa mga tao na umupo at talakayin sa kanilang doktor ang kanilang mga pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan at ang mga pinakamahusay na paraan upang manatiling malusog.
- **Mas Mahusay na mga Pagpipilian:** Ang Medicare ay magbibigay ng paunawa sa mga benepisyaryo tungkol sa pagganap ng plano at gagamitin ang online na Tagahanap ng Plano nito upang himukin ang pagpapatala sa mga de-kalidad na plano.
- **Mas Mababang mga Halaga:** Ang pangkaraniwang hulog para sa 2014 para sa pagsakop sa iniresetang gamot at mga planong pangkalusugan ng Medicare ay mananatiling matatag. Ang mga taong nasa “butas ng donut” sa benepisyong iniresetang gamot ng Medicare ay magtatamasa ng humigit-kumulang na 53 porsiyentong mga diskuwento sa sakop na mga brand name na gamot at makakakita ng nadagdagang mga matitipid sa mga generic na gamot.

Ang bagong Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan ay hindi makakaapekto sa inyong pagsakop ng seguro ng Medicare at hindi bahagi ng Bukas na Pagpapatala sa Medicare na mangyayari mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Ang Medicare ay hindi bahagi ng Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan. Hindi ninyo kailangang magpatala sa bagong Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan upang panatilihin o baguhin ang inyong pagsakop ng seguro ng Seguro.

Ang inyong mga pangangailangang pangkalusugan ay nagbabago bawat taon. At, ang inyong planong pangkalusugan ay maaari ring magbago ng mga benepisyo at mga halaga bawat taon. Iyon ang dahilan kung bakit mahalagang tayahin ang inyong mga pagpipilian sa Medicare nang palagian. Ang Bukas na Pagpapatala ay ang isang-beses sa isang taon kung kailan ang LAHAT ng taong may Medicare ay makakakita ng iniaalay na mga benepisyo ng Medicare at makakagawa ng mga pagbabago sa kanilang pagsakop ng seguro.

Makabuluhang mag-ukol ng panahon upang magsuri at magkumpara, pero hindi kailangang gawin iyon nang nag-iisa. Ang Medicare ay nakahandang tumulong.

- Bisitahin ang www.medicare.gov/find-a-plan upang ikumpara ang inyong kasalukuyang pagsakop ng seguro sa lahat ng pagpipilian na makukuha sa inyong lugar, at magpatala sa isang bagong plano kung ipasiya ninyong gumawa ng pagbabago.
- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) 24-na-oras sa isang araw/7 araw sa isang linggo upang malaman ang tungkol sa inyong mga pagpipiliang pagsakop ng seguro. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.
- Repasuhin ang hanbuk na *Medicare & You 2014*. Ito ay ipinakokoreo sa mga taong may Medicare sa buwan ng Setyembre.
- Kung limitado ang inyong kita at mga kakayahan, maaari kayong makakuha ng Karagdagang Tulong sa pagbabayad ng mga gastos sa pagsakop ng gamot. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.socialsecurity.gov/i1020 o tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.
- Kumuha ng isa-sa-isang tulong mula sa inyong Programang Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (State Health Insurance Assistance Program, SHIP). Bisitahin ang www.medicare.gov/contacts o tumawag sa 1-800-MEDICARE upang makuha ang numero ng telepono.

*Ang mensaheng ito ay hatid sa inyo ng Kagawaran ng mga
Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.*